

TIMPALAK JACINTO SA SANAYSAY 2020

1. Ang **Timpalak Jacinto sa Sanaysay** ay isang timpalak sa pagsulat ng sanaysay para sa mga kabataang nasa baitang 7 hanggang 11.
2. Bilang pakikiisa sa tema ng Buwan ng Wika 2020, sa inyong sanaysay, **ibahagi ang kasaysayan ng inyong lugar/probinsiya.**
3. Kailangang nasusulat sa Filipino ang lahoc, orihinal, hindi pa nailalathala, at hindi rin salin mula sa ibang wika.
4. Kailangang sumusunod ang paraan ng pagsulat nito sa mga tuntuning nakasaad sa KWF Ortograpiyang Pambansa at Manwal sa Masinop na Pagsulat.
5. Para sa paglahok, kinakailangang isumite ang sumusunod:
6. apat (4) na kopyang makinilyado o kompiyuterisado ng lahoc (Font-12, Arial), word count na 1,000 salita, may dobleng espasyo, at may isang pulgadang palugit sa bawat gilid na nakaimprenta sa short bond paper na may laking 8 ½ x 11 pulgada.
7. Kinakailangang magtataglay lámang ng sagisag-panulat (pen name) ang ipinadalang entri at walang kahit anong pahiwatig ng tunay na pangalan ng kalahok.
8. entri form (maaaring i-download [dito](#))
 - 2x2 retrato ng kalahok
 - Photocopy ng kasalukuyang school ID o Certificate of Enrollment
 - Sertipikasyon mula sa puno ng barangay para sa out-of-school-youth
 - Pormularyo ng Pahintulot ng Magulang (maaaring i-download [dito](#))
9. Ang lahoc ay maaaring dalhin nang personal o ipadala sa koreo sa:

Lupon sa Timpalak Jacinto sa Sanaysay 2020

Komisyon sa Wikang Filipino

2/P Gusali Watson, 1610 Kalye J.P. Laurel

San Miguel, Maynila

10. Ang hulíng araw ng pagsusumite ng lahoc ay sa **31 ENERO 2020, 5nh.** Hindi na mauurong ang araw ng pagsusumite.
11. Magpapadala ang KWF ng mensahe (text) kung natanggap na ang lahoc. Kalakip din nito ang gagamiting entri code at link ng online form para sa registry ng mga kalahok. Bukas ang online registry hanggang **6 PEBRERO 2020, 5nh lamang.**
12. Ang mga gantimpala ay ang sumusunod:

una, PHP20,000.00, medalya, at plake;
pangalawa, PHP15,000.00 at sertipiko;
pangatlo, PHP10,000.00 at sertipiko.

Bibigyan din ng Sertipiko ng Pagkilala ang tagapayo ng estudyanteng magwawagi.
13. Ang pasiya ng Lupon ng Inampalan ay pinal at hindi na mababago.
14. Hindi patatawarin ang sinumang mahuhuli nagplahiyo. Kakanselahin ng KWF ang ipinagwaging lahoc at hindi na muling makasasali pa sa alinmang timpalak ng KWF.
15. Para sa karagdagang detalye, tumawag sa telepono blg. (632) 736-2519 o mag-email sa kwf.timpalak@gmail.com.